

Mga madalas na katanungan

<Pag pili ng Mataas na Paaralan>

Q1. Kahit na nagtapos ka mula sa isang part-time hayskul o sa isang correspondence hayskul, mayroong ka bang parehong mga kwalipikasyon bilang isang full-time hayskul?

A1. Pareho po, ang kwalipikasyon sa pagtatapos ng hayskul.

Q2. Upang makapasok sa isang Unibersidad ng Industriya, Mas magandang bang mag-aral sa Mataas na Paaralan ng Teknikal?

A2. Kahit na hindi sa Mataas na Paaralan ng Teknikal ay makakapasok sa Unibersidad ng Industriya. Maraming mga Teknikal at Komersyal na mataas na paaralan ay karamihan ng mga nakapagtapos ay nakakahanap ng trabaho bilang (full-time na mga empleyado). Karamihan sa mga tao na pumapasok sa Unibersidad ay nasa pang-kalahatang mataas na paaralan.

Q3. Maaari ba akong makakuha ng trabaho (regular na empleyado) nang hindi pumapasok sa hayskul?

A3. Ang nakapagtapos ng Junior Hayskul, ang bilang ng mga kumpanya na maaaring mapasukan ng trabaho (full-time na empleyado) ay limitado at kakaunti lang. Karamihan sa mga trabaho ay nagangailangan ng isang diploma sa hayskul o mas mataas na kwalipikasyon.

Q4. Mangyaring sabihin sa akin kung paano pumili ng isang mataas na paaralan.

A4.

- Mahusay na pumili ng isang mataas na paaralan ay 「isinasaalang-alang kung maaari mong pag-aralan ang kapakipakinabang para sa iyong hinaharap」, 「kung nababagay sa sariling kakayahan pang akademiko」, at 「kung mayroong isang sistema ng suporta tulad ng wikang hapon」。
- Isang magandang ideya ang makinig sa mga kwento ng iyong nakakatandang mag-aaral at gamitin ito bilang sanggunian.
- Pag-dalo o pagbisita sa mga orientation ng paaralan na may posibilidad na maaari kang kumuha ng pagsusulit.
- Matapos mag-pasa ng application form, minsan kinakailangan magpalit ng pag-aaplayan sa maikling panahon (tingnan ang Q7) kaya pumili ng halos tatlong mataas ng paaralan.

Q5. Para sa pagpasok sa Unibersidad anong uri ng mataas na paaralan ang dapat kong pasukan?

A5. Mga librong gabay sa pagsusulit na nabibili, tumingin sa mga homepages ng bawat mataas na paaralan, at sumangguni sa kung anong uri ng Unibersidad pumasok ang mga nagtapos sa mataas na paaralan. Sa pangkalahatang, ang mataas na porsyento ng mga mag-aaral na pumapasok sa unibersidad sa mataas na paaralan na may mataas na grado.

*Ang panloob na punto ng pag-uulat ay ang kabuuang mga marka ng Junior High School. 2^{nd} grade 1 subject 5 puntos x 9 subject + 3^{rd} grade 1 subject 10 puntos x 9 subject. Ang maximum ay 135 ang kabuuan ng puntos.

*Ang halaga ng ng standard score (hensan-chi) ay kinakalkula sa pamamagitan ng pag-average ng mga resulta ng lahat ng mga tao na kumuha ng pagsusuri sa mataas na paaralan at pagtatakda ng halaga ng standard score ng tao sa gitna ng 50. Ang halaga ng standard score (hensan-chi) ay naiiba depende sa mataas na paaralan. Ang 70 mataas na paaralan ay may pinakamataas na standard score (hensan-chi).

Q6. Mangyaring saabihin sa akin kung aling mga mataas na paaralan ang maaaring pasukan, kahit na hindi maganda ang mga marka ko sa Junior High school.

A6.

- May isang patnubay para sa mataas na paaralan na maabot ang puntos ng bilang ng mga papasok. Kung wala kang sapat na mga puntos, kailangan mong kumuha ng magagandang puntos sa akademikong pagsusuri at pakikipanayam.
- karamihan sa mga mataas na paaralan na may espesyal na tanggapan para sa

mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura ay hindi ginagamit ang mga resulta ng Junior high school (mga resulta ng papeles sa pagsusuri/form 137)lang isang material kung pasado /di pasado.

- May ilang mga mataas na paaralan tulad ng Creative School, ay hindi nagsasagawa ng mga akademikong pagsusulit.
- Mag-isip din tungkol sa pangalawang tanggapan at part-time na pagsusuri sa mataas na paaralan nang maaga.

Q7. Kailan ang pagbabago ng aplikasyon?

A7. Pagpalit ng paaralan ng gustong pasukan, pagkapasa ng aplikasyon tingnan sa lalabas na pahayagan ang 「katayuan ng aplikasyon」, 「bilang ng mga aplikante」 at 「tatanggap ng aplikante」. Mangyaring magpasya kung dapat mong baguhin ang iyong aplikasyon na isinasaalang-alang ang balanse sa iyong kakayahan. Mangyaring kumunsulta sa mga magulang, tagapagsuporta, at guro sa Junior High School kapag magpapasya. Pagkalabas sa pahayagan, wala nang masyadong oras sa pagpapalit ng ibang paaralan. Ang mabisang paggamit ng mga pagbabago sa aplikasyon, kailangan mong maging handa bago ipasa ang iyong aplikasyon.

Q8. Ano ang dapat kong gawin kapag binago ko ang aking aplikasyon ?

A8. Dapat ipaalam sa mga magulang, sa kanilang guro sa Junior High School kung nais nilang baguhin ang aplikasyon. Kung may posibilidad na mabago mo ang iyong aplikasyon, siguraduhing sabihin sa guro sa iyong Junior High School kapag mayroong kang tripartite meeting. (parent, teacher, student meeting).

Q9. Inirerekomenda ng isang guro ng Junior High School ang joint application para sa isang pribadong mataas na paaralan.

A9.

- Kung mayroon kang isang pampublikong mataas na paaralan na talagang nais mong puntahan at mahirap para sa iyo na makapasa sa pagsusulit, mangyaring isaalang-alang ang pa-aaplay para sa isang pribadong mataas na paaralan. Gayunpaman kung nakapasa ka sa isang pribadong mataas na paaralan at di nakapasa sa pampublikong mataas na paaralan, dapat kang pumunta sa pribadong mataas na paaralan na iyong pinasa. Gayundin, ang mga pribadong mataas na paaralan ay nagkakahalaga ng pera. Kahit na may suporta sa paaralan para mabawas ang martikula. Bukod pa doon may ibang pang mga bayarin na kakailanganin.

- Maaari ring mag-aaplay para sa pangalawang tanggapan sa pampublikong mataas na paaralan at mag-eksamin sa part-time na mataas na paaralan na hindi nag-aaplay nang joint application (heigan). Mangyaring kumonsulta nang Mabuti sa mga magulang bago mag-pasya kung mag-aaplay sa joint application (Heigan).

< Espesyal na tanggapan >

Q10. Hindi ko alam kung karapat-dapat ako sa espesyal na tanggapan para sa mga foreigner at iba pang mamamayang nasa Prepektura.

A10. Mangyaring tingnan ang pahina 5(lima) ng guide book upang malaman kung ano ang kwalipikasyon mo.Kung hindi mo pa rin maintindihan mangyaring makipag-ugnayan sa Kanagawa Prefectural Board of Education.

Q11. Mahigit dalawang taon akong nasa ibang bansa,ngunit ang aking mga magulang ay nasa Japan,Maaari ba akong makauha ng pagsusulit para sa espesyal na tanggapan para sa mga balikbayang estudyante ?

A11. Ang espesyal na tanggapan para sa mga balikbayang estudyante ay inilaan para sa mga nakatira sa ibang bansa kasama ang kanilang mga magulang nang ang kanilang mga magulang ay naninirahan sa ibang bansa dahil sa trabaho o iba pang mga kadahilanan.Ngunit kung ang anak lang mag-isag nag-aral sa ibang bansa ,hindi makakasama sa pagsusulit bilang espesyal na tanggapan para sa mga balikbayang estudyante.Gayunpaman, kung mayroong kang isang sitwasyon na kinakailangan dapat mag-isa sa ibang bansa ,mangyuring kumonsulta sa Kangawa Board of Education.

Q12. Ano ang dapat kong gawin kapag nawala ang aking pasaporte,walang lumang pasaporte,at walang selyo/exit stamp sa aking pasaporte.

A12. Kakailanganin mo ang isang "pag-alis na talaan"na inisyu ng Japanese Ministry of Justice.Maaari mong ipakiusap o mai-mail ito mula sa website ng Ministry of Justice.Gayunpaman, aabutin ng halos isang buwan .Kaya't mangyaring mag-apply nang maaga.

< Paglipat ng pagpasok /transfer >

Q13. Tapos ako ng isang taon sa hayskul sa ibang bansa.Pagdating dito sa Japan may posibilidad ba akong makapag-transfer sa isang mataas na paaralan.

A13. Kung nakumpleto mo ang isang taon ng hayskul sa ibang bansa may posibilidad na makapag-transfer sa mataas na paaralan sa Japan,ngunit may ilang paaralan na maaaring ilipat at kung kailan sila maaaring ilipat.Gayundin,ang mga taong walang sapat na salitang hapon ay maaaring hindi makatanggap ng suporta para sa salitang hapon o maaaring hindi makapag-aral sa kanilang unang taong hayskul,kaya't mangyaring tingnan ang pahina 19 ng guide book at sumangguni sa "Transfer Information Center".

< At iba pa >

Q14. Hindi ko po alam kung paano ako mag-aaral. Mangyaring ituro po ang paraan kung paano mag-aral.

A14. Maraming mga silid-aralan sa pag-aaral ng komunidad para sa mga nahihirapang mag-aral na nag-iisa, o sa mga nahihirapang mag-aral sa mga paaralan ng cram. Marami ring lugar na libre. Mangyaring sumangguni sa "Listahan ng mga silid aralan" sa mga materyales.

Q15. Ang mga panayam (interview) ba ay may pakinabang kung gumagawa ka ng mga aktibidad sa club o extracurricular activities.

A15. Hindi tinitingnan sa pakikipanayam (interview) kahit na noong nasa Junior High School ka ay nakalahok sa isang aktibidad sa extracurricular at nakasali sa Preceptural convention at nakatanggap ng award. Ang mahalaga sa pakikipanayam (interview) sabihin kung paano ka nagsikap o kung ano ang ginawa sa mga aktibidad ng extracurricular.

Q16. Mangyaring ituro kung saan ang mga mataas na paaralan na maaari kang kumuha ng mga klase sa ingles.

A16. Walang pampublikong hayskul sa Kanagawa na ang lahat ng klase ay gamit ay Ingles. Gayunpaman, ang ilang Mataas na Paaralan ay nakatuon sa mga aralin sa Ingles.